



San Francisco Department of Public Health

Grant Colfax, MD
Direktor ng Kalusugan

Lungsod at County ng San Francisco
London N. Breed
Alkalde

Mga Minamahal na Employer sa San Francisco (hindi naaangkop sa mga sanay na pasilidad sa pangangalaga):

Salamat sa lahat ng inyong ginagawa sa panahon ng pagsubok na ito upang tulungan ang ating komunidad na manatiling ligtas at makabangon ang ating ekonomiya. Ganap naming ipinagpapasalamat ang inyong pagsisikap upang baguhin ang inyong mga negosyo at pang-araw-araw na buhay upang mabawasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19 at makapagligtas ng mga buhay. Gayundin, ipinagpapasalamat namin ang lahat ng inyong pagsisikap upang matiyak na ang inyong mga empleyado ay nasa maayos na kalagayan at hindi nanganganib sa panghahawa ng COVID-19 sa ibang tao sa lugar ng trabaho. Sa pamamagitan ng liham na ito, gusto naming ipaalala na alinsunod sa Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC), **ang mga empleyadong nagkaroon ng COVID-19 ay itinuturing na hindi na nakakahawa at puwede nang bumalik sa trabaho kung lumipas na ang kahit man lang 10 araw mula noong magsimula ang kanilang mga sintomas, bumuti na ang kanilang mga sintomas, AT hindi bababa sa 24 na oras na ang lumipas mula noong kanilang huling lagnat nang hindi gumagamit ng mga gamot na nagpapababa ng lagnat.** Kung hindi nagkaroon ang empleyado ng mga sintomas at nagpositibo siya para sa COVID-19 virus, itinuturing siyang hindi na nakakahawa at puwedeng bumalik sa trabaho 10 araw pagkalipas ng kanyang positibong pagsusuri. Para sa higit pang mga detalye, pakibisita ang www.sfcdcp.org/rtw.

Hindi hinihikayat ng CDC at [Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco \(San Francisco Department of Public Health, SFDPH\)](http://Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFDPH)) ang mga employer sa pag-aatas ng medical note para sa clearance para makabalik sa trabaho pagkatapos magkaroon ng COVID-19 ng empleyado dahil sa abala na idudulot nito sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan para gumawa ng mga note at ang hindi kinakailangang pagod na dulot nito para sa mga empleyado. Ang mga empleyado ay itinuturing na hindi na nakakahawa kapag natutugunan na nila ang mga pamantayang inilalarawan sa itaas.

Bukod pa rito, alinsunod sa CDC at SFDPH, hindi dapat hilingin ng mga employer sa mga empleyadong na-diagnose na may COVID-19 virus na magbigay ng katibayan ng negatibong pagsusuri sa COVID-19 virus bago payagan ang mga empleyadong bumalik sa trabaho. Ang paghiling sa mga empleyado na magbigay ng katibayan ng negatibong pagsusuri sa COVID-19 virus pagkatapos nilang ma-diagnose na may COVID-19 ay hindi kinakailangan, nakakaantala sa pagbalik sa trabaho, at nagdudulot ng pagkaabala sa availability ng pagsusuri para sa iba na kailangang magpasuri. Ang mga empleyado ay itinuturing na hindi na nakakahawa at puwede nang bumalik sa trabaho kapag natutugunan nila ang mga pamantayang inilalarawan sa itaas.

Puwedeng i-print ng iyong empleyadong nagkaroon ng COVID-19 ang liham na ito para magamit sa layunin ng 1) pagpapakita ng katibayan na maaari na silang bumalik sa trabaho hangga't natutugunan nila ang mga pamantayan sa itaas (mas detalyadong nakasaad sa www.sfcdcp.org/rtw) at/o 2) pagpapakita ng katibayan na hindi dapat humingi ang mga employer na katibayan ng mga negatibong pagsusuri sa COVID-19 para mapayagang bumalik sa trabaho. Makikita ang liham na ito online sa www.sfcdcp.org/workletter

Mangyaring sumangguni sa mga sumusunod na mapagkukunan para sa higit pang detalye.

- [Pagtatapos sa Pag-isolate o Pagbabalik sa Trabaho para sa Mga May Kumpirmado o Pinaghihinalang COVID-19 \(Ending Isolation or Returning to Work for Those Who Have Confirmed or Suspected COVID-19\): \[www.sfcdcp.org/rtw\]\(http://www.sfcdcp.org/rtw\)](http://Pagtatapos sa Pag-isolate o Pagbabalik sa Trabaho para sa Mga May Kumpirmado o Pinaghihinalang COVID-19 (Ending Isolation or Returning to Work for Those Who Have Confirmed or Suspected COVID-19): www.sfcdcp.org/rtw)



San Francisco Department of Public Health

Grant Colfax, MD
Direktor ng Kalusugan

Lungsod at County ng San Francisco
London N. Breed
Alkalde

- [Ang Dapat Gawin Kung Mayroong May COVID-19 sa Lugar ng Trabaho \(What To Do if Someone in the Workplace Has COVID-19\): www.sfcddp.org/covid19-positive-workplace.](http://www.sfcddp.org/covid19-positive-workplace)
- [Pangkalahatang impormasyon para sa mga employer na partikular sa San Francisco \(General San Francisco-specific information for employers\): www.sfcddp.org/businesses](http://www.sfcddp.org/businesses)
- [Pangkalahatang gabay ng CDC para sa mga employer \(General CDC guidance for employers\): www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/guidance-business-response.html](http://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/guidance-business-response.html)

Salamat sa lahat ng ginagawa ninyo para mapanatili na malusog ang ating komunidad,

A handwritten signature in blue ink that reads "Tomás Aragón".

Tomás J. Aragón, MD, DrPH
Opisyal sa Kalusugan ng Lungsod at County ng San Francisco